Impormasyon Sa Quarantine Sa Sistema Bago Pumasok (Q-code)

- Ilagay ang Impormasyon sa Quarantine nang mas maaga at makakapasok nang madali at mabilis gamit ang QR code -

Ang impormasyon sa quarantine sa sistema bago pumasok (Q-code) ay dinesenyo para mapaliit ang kinakailangang panahon sa pag-iinspeksyon sa quarantine pagpasok sa Republic of Korea at magkaroon ng kaginhawaan ang mga bumibyahe mula sa ibang bansa.

Kung nilagay mo ang impormasyon sa quarantine nang mas maaga sa Q-code website, nakatanggap ng QR code, at ipinakita ito sa opisyal ng quarantine sa pagpasok, mabilis kang makakapasok sa checkpoint ng quarantine.

❖ Mga hakbang sa proseso ng pagrehistro ❖

① Sumang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon ▶ ② Ilagay ang email address ▶ ③ Ilagay ang impormasyon sa pasaporte ▶ ④ Ilagay ang iyong impormasyon sa imigrasyon at tirahan ▼ ⑤ Ilagay ang impormasyon sa quarantine ◀ ⑥ Ilagay ang kalagayan ng kalusugan ◀ ⑦ Tingnan ang nilagay na impormasyon ◀ ⑧ Magbigay ng QR code

※※ **Kung ang nilagay mo ay hindi totoo o maling impormasyon, maaari kang maparusahan ayon sa nauukol na batas o pagbawalan kang pumasok sa bansa.**

Bago Pumasok

- **Kumuha ng Q-code (https://cov19ent.kdca.go.kr)**
  - Mangyaring ihanda ang balidong pasaporte at tiket sa eroplano bago sumakay.

Bago Sumakay

- **Ilagay ang pasaporte, pupuntahan/tirahan, pagbabakuna, at impormasyon sa kalusugan**
  - Maaari mong i-save pansamantala at i-edit ang impormasyon sa lahat ng hakbang.
- Kumpirmahin ang nilagay na impormasyon at **kunin ang QR code.**
  - Ang impormasyon lang sa kalusugan ang maaaring mabago pagkatapos makuha ang QR code.

Pagdating

- **Ipakita ang QR code sa opisyal ng quarantine**
  - Anumang QR code na naiprinta sa papel o nakuhanan gamit ang electronic device ay tinatanggap.
  - Makakatanggap ka ng madaling serbisyo sa quarantine.